# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Christian Ministries

# Introduction to Biblical Christian Worldview ©

Conrad Jun Tolosa

Revised August 23, 2021

## 800. Christian Economics

### 801. Stewardship

Ang economiya ay agham na nagsisiyasat ng mga kalagayan at batas na tumutukoy sa paggawa, pagkonsumo, pamamahagi, at pagpapalitan ng mga productong kinakailangan at ginugusto ng tao. Ang salitang Economiya ay mula sa salitang Greco, “oikonomia” na nangangahulugang bahay (oikos) at alituntunin (nomia); ibig sabihin, ang pinaka-basic meaning ng economics ay mga alituntunin sa isang sambahayan pagdating sa production, distribution, trade, and consumption ng basic needs of life (food, clothing and shelter).

Nagsisimula ang cycle ng economics sa production, at ito ay mayroong tatlong bagay na kinakailangan: land, labor at capital.

Sa creation account, sa ikatlong araw nilikha ng Diyos ang lupa kung saan maglalaguan ang mga halaman at mga punong prutas na ang bunga ay may buto para sa kanilang pagpaparami.

Subalit bago magkaroon ng plant life ang mga lupain, kinakailangan muna ang ulan, hamog at tao na magbubungkal ng lupa. Sa ika-anim na araw, nilikha ng Diyos ang tao na inatasan Niyang lupigin ang lupa; ibig sabihin, sa lupa manggagaling ang kakainin ng mga tao at hayop na mananahan sa buong mundo. So, at this point, meron ng land and labor.

Ang kakailanganing capital o resources naman ng tao ay nakapaloob sa kanyang pagkakalikha. Siya ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos, -- taglay niya ang karunungan, pakiramdam at kakayahang magpasiya.

So, ang economic design para sa isang masaganang buhay para sa tao ay ito: Pupunlain at itatanim ng tao ang buto ng mga prutas at gulay na kanilang kakainin para maparami ang mga ito. Habang dumarami ang mga tao sa mundo mapaparami naman nila ang kakailanganin nilang pagkain; at makikita natin dito ang posibilidad ng distribution and trading, depende sa dami at uri ng production ng buong lipunan.

Subalit, huwag nating kakalimutan ang pang-apat na bagay patungkol sa productivity at iyan ang pamamahinga. Sa ika-pitong araw, huminto ang Panginoong Diyos sa creation at Siya ay namahinga. Utos ng Diyos na tayo rin ay kinakailangang mamahinga sa ika-pitong araw ng linggo. Samakatuwid, sa loob ng pitong araw sa isang linggo, anim na araw ang pagtatrabaho o paglilingkod sa Diyos at isang araw ang pamamahinga o pag-aalay ng pagsamba sa Diyos.

Sa first two chapters pa lamang ng Genesis, makikita at mauunawaan ang kalooban ng Diyos para sa buhay ng tao. Sinabi ng Diyos na maging mabunga ang tao, magparami at punuin ang mundo. Kaya, sinabi rin Niya, na iiwan ng lalaki ang kanyang magulang upang makiisa sa kanyang asawang babae. Ang marriage ay idea ng Diyos.

Sa simula, ginawa ng Diyos ang lupa na hungkag (void) o unformed. Kalooban Niya na ang tao ang magbibigay ng porma sa lupa. *Subdue the earth*, ang sabi Niya. Ang *work* o trabaho ay idea din ng Diyos.

At sa ika-pitong araw ng linggo, ang tao ay nararapat magpahinga upang makapag-worship, ang pagbibigay kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba at pag-enjoy ng blessings mula sa Kanya. Ang rejoicing o pagsasapamuhay ng God's blessings ay isang uri ng pagsamba. Ang occasional celebration, tulad ng birthday at wedding anniversary, ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos at tao.

Ang marriage, work and worship ay mga institusyon na itinatag ng Diyos bago pa man mahulog ang tao sa kasalanan. Kaya nga, ang mga ayaw magpakasal at nagli-live-in na lamang, ang mga ayaw magtrabaho, at mga ayaw magbigay puri sa Diyos ay mga taong hangal at suwail.

Sa ating paglalakbay-buhay, ating tandaan ang triad ng *land, labor,* and *capital* o *resources*; at ang triad ng *wedding, work and worship*. Sa ganito clase ng pag-iisip magiging maingat tayo sa ating pangangasiwa ng ating *time, talent* and *treasure* kung saan tayo ay expected to be good stewards.

Ang tao ay kinakailangan maging mahusay na steward ng mga handog ng Diyos sa kanya.

## 802. Sipag

Sinasabi sa Proverbs 9:10 na ang pagkatakot sa Panginoon ay simula ng karunungan. Kinakailangan ang karunungan sa pagiging mahusay na economista. Inilalarawan sa Proverbs 31 ang isang masaganang tahanan dahil sa mabuting pamamalakad ng ulirang maybahay sa kanyang sambahayan. Isa sa mga katangiang taglay niya ay ang pagiging masigasig at masigla sa pagtatrabaho. Hindi natin kailanman makikita ang marunong na tao na paista-istambay lang at inuubus ang oras sa kuwentuhan.

Nakakalungkot ang mga eksena na napagmamasdan sa mga depressed areas dito sa ating bansa. Ang mga bata ay nagkalat sa kalye habang ang mga babae ay naglalaba, ang mga lalaki naman ay nakaistambay at nagkukuwentuhan lamang.

Ang mga Chinoy ay mayayaman. Kung hindi man sobrang yaman, mayaman pa rin kumpara sa mga Pinoy. Hindi sila yumaman dahil pabanjing-banjing lang sila. Sila ay masisipag at masisigasig sa pagha-hanap-buhay. Ang mga Bombay ay makikita ding nagsisipag, at kung payong lang ang binebenta nila noong unang panahon, sari-saring negosyo na ang kanilang pinagkaka-abalahan ngayon. Hindi naman masasabi na ang lahat sa kanila ay yumayaman sa tamang paraan. Marami rin sa kanila ang tulad ng mga mandarayang negosyanteng Pilipino.

Ang matututuhan natin sa ulirang maybahay ng Proverbs 31 ay ang katotohanan na ang masipag at masigasig sa paghahanap-buhay ay hindi na kinakailangang labagin ang batas upang magtagumpay sa pagkita ng pera, tulad nang ginagawa ng karamihan sa ating mga kababayan.

Dahil sa alam natin na nagtatagumpay sa paghahanap-buhay ang mga dumadayo sa ating bansa, hindi maaaring tanggapin ang dahilan ng mga tamad na wala namang makitang trabaho dito sa atin kahit maghanap man sila. Hindi rin dapat tanggapin ang dahilan na napakababa naman ng pasuweldo dito sa ating bansa.

Isang babalang taglay ng Proverbs 6:6-11 ay ito: *Tamad, tumingin ka sa mga langgam, pagmasdan mo ang kanilang pamamaraan at maging marunong ka rin.* Ang mga langgam ay walang mga supervisors at

managers tulad ng tao, subalit sila ay gumagalaw ng may kaayusan; walang napagmamasdang kaguluhan sa kanilang pagkilos. Alam ng bawat isa sa kanilang lipunan ang kani-kanilang tungkulin. Nakapag-iipon sila ng pagkain para sa kanilang kabuuan habang hindi pa tag-ulan. *Gaano ka katagal magpapahila-hilata diyan, batugan? Kailan ka babangon sa iyong pagkakahimbing? Konting tulog, konting idlip, konting himlay - - at ang paghihikahos ay darating na parang mandarambong, ang pagiging-salat na parang tulisan,* ang pagpapatuloy ng Kawikaan.

Ang tao ay dapat maging masigasig at masipag sa pagtatrabaho at hindi dapat batugan kung gusto niyang magkaroon ng magandang kinabukasan.

Totoo ang kasabihan ng mga matatanda na kung may itinanim ay may aanihin. Totoo rin ang kasabihan na ang nabubuhay sa lagay ay hindi magkakaroon ng mabuting kalalagyan; at ang nabubuhay sa abot ay walang maaabot na magandang kabuhayan.

### 803. Investment

Sa Matthew 25:14-30 ay matutunghayan ang isang *parable* ng Panginoong Jesus kung saan ipinagkatiwala ng isang mayamang tao ang kanyang mga ari-arian sa kanyang mga alipin bago siya nagsimulang maglakbay. Makaraan ang mahabang panahon bumalik ang Master at ang mga alipin na kanyang pinagkatiwalaan ay nag-report back sa kanya. Nadoble ng sukat ang iniwanan niya ng lima at dalawang sukat. Nasiyahan ang Master sa dalawa na sinabihan niya ng ganito: *Naging matapat kayo sa maliit, pagkakalooban ko kayo ng mas malaki*.

Subalit ang ikatlong alipin ay hindi naging matapat sa ipinagkatiwala sa kanya sapagkat ibinaon niya ang pera sa lupa dahil ang pagkakilala niya kay Master ay hindi maganda - - na siya ay nakikinabang sa hindi niya pinagpapaguran. Nagalit ang Master sa masama at tamad na alipin. *Mabuti pa na diniposito mo na lang sa banko ang pera nang sa ganoon kumita man lang ng interest*, ang bulyaw ng Master. Pinarusahan ang tamad na alipin at ang perang ipinagkatiwala sa kanya ay ibinigay sa may naipon na sampung sukat.

Marami ang matututuhan sa parable na ito. Isa na rito ang prinsipyo na ang mabuti, tapat at marunong na katiwala o trustee ay tatanggap ng gantimpala sa huling husgahan. At, ang mga pinagkakatiwalan ng resources ay nararapat na maging maingat at matalas sa pag-invest ng kanyang tinanggap.

Sinasabi sa Luke 12:48 na *ang binigyan ng marami ay paghahanapan ng marami; ang pinagkatiwalaan ng marami ay hihingan ng mas marami.* Ang ulirang maybahay na ating nakilala sa Proverbs 31 ay nagsisilbing halimbawa ng isang marunong at matagumpay na investor, na may pang-unawa sa prinsipyong ito ng Diyos. Pinag-aaralan niyang mabuti ang gagawin niyang paggamit ng puhunan. At, bukas din ang kanyang palad para sa mahihirap at pinaaabot niya ang kanyang tulong sa mga may pangangailangan. Ito ay isang uri ng mahusay na mag-invest sapagkat ang gawain ito ay naaayon sa kalooban ng Diyos.

Makikilala natin ang mga mayayamang Cristiano na may magandang kalooban sa Acts 4:32-35. Kung kinakailangang magbenta sila ng ari-arian dahil sa pangangailangan ng kapatiran, hindi sila nag-dadalawang isip. Ginawa nila ang mabuting bagay na iyon sapagkat alam nila na ito ay ang kalooban ng Diyos para sa kanila noong panahon na iyon. Nauunawaan nila ang salita ni Cristo na nagsasabing, *Higit na pagpapala ang makapagbigay kaysa sa tumanggap* (Acts 20:35c).

Ang mga mananampalataya na hindi tinuturuan na magbigay ng ikapu sa gawain ng Panginoon ay malaking pagkukulang para sa kanila sapagkat mayroong malaking pagpapala ang tinatamo ng mga matapat at masayang nagbibigay. Sinasabi ni Cristo na *kapag ikaw ay nagbigay, ito ay ibibigay sa iyo. Isang mainam na takal, siksik at umaapaw ang ibubuhos sa iyong kandungan* (Luke 6:38). Samakatuwid, ang marunong na tao ay magiging bukas ang palad sa may mga pangangailangan sapagkat ang generosity ng Diyos ay hindi kayang lampasan ng tao.

Patungkol sa bagay nang paghahanap ng marami sa pinagkalooban ng marami, huwag nating isipin na ang lahat ng yaman ay kaloob o pagpapala ng Diyos. Alam natin na maraming nangungurakot sa gobyerno ang nagtatangkang magbigay ng handog sa Diyos tulad ni Cain. Subalit hindi rin tatanggapin ng Diyos ang mga handog nila o ng anumang handog na galing sa masamang paraan. Hindi tumatanggap ng lagay ang Diyos. Tanggapin man iyon ng simbahan, hindi rin gagamitin ng Diyos ang salaping galing sa kasamaan para sa Kanyang gawain dito sa lupa. Isang uri ng handog lamang ang tinatanggap ng Diyos, at iyon ang tulad ng kay Abel - - handog mula sa pusong may pagtitiwala sa Kanyang salita.

## 804. Needs and Wants

Isang araw habang sila ay nagkukuwentuhan, sinabi ni Cristo sa Kanyang mga alagad ito, *Ang sinumang magnanais na sumama sa Akin, kinakailangan na pagkaitan niya ang kanyang sarili, dalhin niya ang kanyang krus araw-araw, at sumunod siya sa Akin* (Luke 9:23).

May panahon noon na kapag ang isang Pinoy ay magbabakasyon sa Pilipinas mula sa America, kadalasan na ang bagahe niya ay maleta at isang balikbayan box. O kaya naman ay meron siyang carry-on bag at dalawang balikbayan box na naka-check-in. Hindi mawawalan ng napakaraming pasalubong ang mga bakasyonistang Pinoy. Pasalubong na nagbibigay ng panandaliang kasiyahan.

Bakit kaya kapag tumingin tayo sa ating closet, eh, napakaraming damit ang nakikita natin? Bakit ba napakarami nating sapatos? At bakit ang dami nating kasangkapan sa bahay?

Ang mga ito ay katibayan na hindi natin alam ang kalooban ng Diyos para sa ating buhay or kung alam man natin ang Kanyang kalooban, ito ay hindi natin binibigyan ng sapat na pansin.

Minsan naman habang Si Cristo ay nangangaral, may isang abogado ang nagsabi sa Kanya, *Guro, susundan Kita maski saan Ka man pumunta*. Sumagot sa kanya si Cristo, *May kuta ang mga lobo, subalit ang Anak ng Tao ay wala man lamang mahimlayan ng ulo* (Matthew 8:19-20).

Kapag hindi natin pinag-isipan nang husto, maaaring magtaka tayo sa mga salita ng Panginoon Jesus; lalong-lalo na tungkol sa bagay ng paglilingkod. Kung hindi rin lang natin kayang pagkaitan ang ating sarili o hindi natin kayang malayo sa tinatawag na *comforts of home*, huwag na nating isipin pa na kakayanin nating sundan ang mga yapak ng ating Panginoon.

Ang basic na pangangailangan ng tao ay food, clothing and shelter.

Ang tanong ay ito: Paano natin mahihiwalay ang ating pangangailangan sa ating kagustuhan?

Kung ang isang bagay ay maipagkakait natin sa ating sarili na walang magiging masamang epekto sa ating buhay, ito ay hindi natin pangangailangan. Ito ay kagustuhan lamang. Subalit ang totoo ay hindi

natin magagawang ipagkait ang ating mga kagustuhan kung hindi natin matututuhang magpailalim sa kalooban ng Diyos, tulad ng ginawa ni Cristo (Luke 22:42). Siguradong bibilhin pa rin natin ang gusto natin kung tayo ay may pambili.

Sa Matthew 6, sinasabi ng Panginoon na *huwag tayong mangamba kung ano ang ating kakainin, iinumin o isusuot. Hindi ba ang buhay ay higit pa sa pagkain at kasuotan*? At ang payo Niya sa atin ay, *huwag mag-alala kundi hanapin muna natin ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga ito ay atin ding makakamtan.*

Ang provision ng Lord sa tao ay para sa kanyang pangangailangan lamang. Hindi tayo dapat bili nang bili ng bawat maisipan.

Tayo ay dapat bumili lamang ng ating pangangailangan at hindi ng ating kagustuhan.

## 805. Mandato

Nang likhain ng Diyos ang tao, kasama sa kanyang kalikasan ang dalawang naisin: ang sumamba at maglingkod sa Diyos.

Ang pagsamba ay pinalolooban ng pagsambit ng pagmamahal sa Diyos at papuri sa Kanyang mga kamangha-manghang katangian at gawa. Ang pagsamba ay nagmumula sa pusong nagtitiwala sa Kanyang salita. Kalooban ng Diyos ang pagsamba individually and corporately.

Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagsasakatuparan ng mandato na iginawad sa tao sa Genesis 1:28: *Magbunga kayo at magparami; punuin ninyo ang mundo at lupigin ninyo ito. Pamahalaan ninyo ang mga isda sa karagatan at mga ibon sa kalangitan at lahat ng hayop at anumang gumagapang sa lupa.*

Ang tanong ay ito: Paano natin maisasagawa ang mandatong ito?

1) *Magbunga at magparami; punuin ang mundo*. Mahalagang alalahanin na ibinigay ito ng Diyos sa tao bago sila mahulog sa kasalanan. Ang nasa isip ng Diyos ay mapuno ang mundo ng mga taong taglay ang malinis at malinaw Niyang larawan. Sa ngayon, hanggang hindi lubusang naihuhugis ng Diyos ang wangis ni Cristo sa mga mananampalataya, hindi matutupad ang layuning ito. Kaya pinag-uutos ng Panginoong Jesus sa kanyang mga disciples na humayo, ibunyag ang ebanghelyo at gumawa ng Kanyang mga disipulo sa bawat bansa. Ito ang tinatawag na *Great Commission*. Among other things, ang commission na ito ay may economic component, sapagkat ang mga hahayo ay mangangailangan ng financial support upang ma-meet nila ang basic needs of life -- food, clothing and shelter.

Ang duty ng mga believers na magbigay ng ikapu ng kanilang gross income para sa pangangailangan ng iglesya ay ang paraan kung paano masusuportahan ang mga missionaries na isusugo ng kapatiran.

2) *Lupigin ninyo ang lupa*. Ang kalagayan ng mundo sa Genesis 1:2 ay walang porma, hungkag, at madilim. Ito ang kundisyon ng lupa bago pa man ito sumpain ng Diyos dahil sa kasalanan (Genesis 3:17). Walang porma at hungkag ang lupa ng panahong iyon sapagkat ibibigay ng Panginoon Diyos ang pribelehiyo ng pagpapayaman ng lupa sa lilikhain pa niyang tao. Ang mga puno at halaman bago pa man pumasok ang kasalanan sa mundo ay lalago nang parang walang kaayusan. Hihintayin nito ang

paglulupig o paghahardin na gagawin ng tao. Ang Hardin ng Eden ang magsisilbing modelo para nila tularan.

Sa ngayon, mapagmamasdan ang mga iba't ibang vegetable farms and fruit plantation sa buong lupain sa mundo, for worldwide distribution o international trade.

3) *Pamahalaan ninyo ang mga isda, ibon, hayop at lahat ng gumagapang sa balat ng lupa.* After the fall, ang laman ng isda, ibon at hayop ay naging pagkain na rin para sa tao. Ang production, distribution or trading ng mga products mula sa mga ito ay malaking negosyo.

Ang ethic ng economics na dapat laging alalahanin ay ang pagpaparami, pamamahagi, at pagconsumo ng mga food at iba pang products na totoo, mabuti at tama.

Ang ethic ng economics sa paglulupig ng lupa upang ito ay gawing kapaki-pakinabang sa tao ay huwag na huwag kalilimutan: Ang magparami, mamahagi at magconsumo ng mga tamang producto lamang na totoong makabubuti para sa kalusugan ng tao.

Panahon na upang harapin ng mga Pilipino ang kani-kanilang personal na responsibilidad.

Kailangang magbago ang pananaw ng bayan.

***Discussion questions:***

1. Paano ko ginagamit ang aking time, talents and resources?
2. Anong prinsipyo sa buhay ang iyong matututuhan mula sa Proverbs 6:6-11: "Tamad, tumingin ka sa mga langgam, pagmasdan mo ang kanilang pamamaraan at maging marunong ka rin. Wala silang commander o elder o boss, pero nakapag-iipon sila ng pagkain habang hindi pa tag-ulan. Gaano ka katagal magpapahila-hilata diyan, batugan? Kailan ka babangon sa iyong pagkakahimbing? Konting tulog, konting idlip, konting himlay - - at ang paghihikahos ay darating na parang mandarambong, ang pagiging-salat na parang tulisan."
3. Ang mandate ba ng Diyos na magparami at punuin ang mundo ay applicable pa rin sa ating panahon ngayon?

## I. Multiple Choice

1. Ano ang tatlong bagay na kinakailangan sa production?
   a. land, labor at pera
   b. land, labor at abilidad
   c. land, labor at capital

2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng maling paraan ng pangangasiwa ng mga handog ng Diyos?
   a. Pagbubungkal at pagtatanim sa bakanteng lupa.
   b. Pag-aalaga ng mga hayop as pets o source ng pagkain.
   c. Gamitin ang oras sa mga bagay na makapagbibigay entertainment sa sarili.

3. Anong bagay ang maari mong matutuhan sa mga langgam pagdating sa pagtratrabaho?
   a. Magtrabaho at mag-ipon upang sa panahon ng kagipitan ay may magagamit.
   b. Magtrabaho tuwing may pangangailangan at magrelax lang kung may nakakain naman.
   c. Magtrabaho ng may kasiglahan sa tuwing pinagmamasdan ng boss.

4. Anong katangian ang hindi mo makikita sa ulirang may bahay?
   a. kasipagan
   b. kabaitan
   c. makasarili

5. Ano ang nagiging reward sa mga taong marunong humawak ng kaloob na ibinigay sa kanila?
   a. Nadadagdagan ang kanilang pinangangasiwaan.
   b. Nababawasan ang kanilang pinangangasiwaan.
   c. Hindi nagbabago ang kanilang pinangangasiwaan.

6. Ano ang natututuhan mo  sa araling ito pag dating sa pagkakaloob?
   a. Magbigay ng kung ano ang sobra na mayroon ka.
   b. Magbigay ng handog mula sa pusong may pagtitiwala sa Diyos.
   c. Magbigay ng malaki lalo na kung ito ay nagmula sa masamang paraan.

7. Paano natin mahihiwalay ang pangangailangan sa kagustuhan lamang?
   a. Ang isang bagay ay pangangailangan kung ito ay walang epekto sa ating buhay kung hindi natin makakamtan.
   b. Ang isang bagay ay pangangailangan kung ito ay nagbibigay kasiyahan sa iyo.
   c. Ang isang bagay ay pangangailangan kung ito ay magbibigay ng masamang epekto sa iyong buhay kung hindi mo ito makakamtan.

8. Alin sa mga sumusunod ang hindi basic need ng tao.
   a. tirahan
   b. sasakyan
   c. damit

9. Ano ang kalikasan ng tao nang siya ay likhain ng Diyos?
   a. Sumamba at maglingkod sa Diyos
   b. Sumamba at maglingkod sa sarili
   c. Sambahin ang sarili at maglingkod sa kapwa

10. Alin sa mga sumusunod ang hindi bahagi ng original mandate ng Diyos?
   a. Alagaan ang mga hayop na nilikha ng Diyos.
   b. Magpalaki ng pamilya.
   c. Gawing kapakipakinabang ang mga bakanteng lupa na maaaring pagtaniman.

**II. Essay:** (At least 250 words)

Compose one (1) short devotion or essay: Ano ang pinaka-mahalagang bahagi ng pananaw sa buhay ang dapat baguhin ng ating mga kababayan?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *Ang essay ay isa-submit din sa iyong Pastor.*

© Revised August 23, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.